NEW YORK STATE | Board of Elections

Pahayag ng Kumpidensyal na Botante ng Estado ng New York

1. Personal na impormasyon

Buong Pangalan

Petsa ng Kapanganakan BB/AA/TTTT

2. Impormasyon sa Tirahan

Address

Lungsod | Estado | Zip Code

NY

County kung saan ka nakatira

3. Patunay

Sa pamamagitan ng pagpirma sa dokumentong ito, isinusumpa o pinatutunayan ko sa pamamagitan nito na ako ay biktima ng karahasan sa tahanan o biktima ng isang krimen na tinukoy sa artikulo sandaan at tatlumpu ng batas penal (article one hundred thirty of the penal law), at higit pa rito, dahil sa banta ng pisikal o emosyonal na pinsala sa aking sarili o sa mga miyembro ng pamilya o sambahayan, gusto kong mapanatiling kumpidensyal ang aking rekord ng pagpaparehistro ng botante.

Pirma

Petsa BB/AA/TTTT

Mga tagubilin:

Kumpletuhin ang form na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng hinihiling na impormasyon at isumite ito sa Lupon ng Halalan (Board of Elections) sa county kung saan ka nakarehistrong bumoto. Kung hindi ka pa nakarehistro para bumoto, dapat mo munang kumpletuhin ang isang form ng pagpaparehistro ng botante.

Kapag natapos nang iproseso ang iyong form, titiyakin ng Lupon ng Halalan na ang anumang rekord ng pagpaparehistro ay pananatilihing hiwalay at bukod sa iba pang naturang rekord at hindi magagamit para sa inspeksyon o pagkopya ng publiko o ng sinumang iba pang tao, maliban sa mga opisyal na gumaganap sa kanilang opisyal na tungkulin at kung ito ay kinakailangan lamang.

Ang pagiging kumpidensiyal ng naturang mga rekord ng pagpaparehistro ay magsisimula sa pagtanggap ng Lupon ng iyong aplikasyon at magpapatuloy sa loob ng apat na taon mula sa naturang petsa.

Maaaring gawin ang isang bagong aplikasyon bago mag-expire ang naturang apat na taon.

Sa ilalim ng isang hiwalay na seksyon ng Batas sa Halalan, puwede ka ring payagang hindi pumunta sa lugar ng botohan at makatanggap ng espesyal na balota para makaboto. Para sa karagdagang impormasyon, pakisuyong makipag-ugnayan sa inyong lokal na Lupon ng Halalan para sa kanilang proseso sa espesyal na balota.